


Banghay-Aralin sa Filipino I

May-Akda: Mylene F. Manongsong

Designation: Teacher II

Paaralan: CENTEX Batangas



I. Layunin

1. Natutukoy ang mahahalagang detalye kaugnay ng paksang binasa
2. Nakagagawa ng tanong tungkol sa paksang binasa
3. Nakikibahagi sa isang diskurso
4. Naipakikita ang kasiyahan habang binabasa ang kuwento

II. Paksang-aralin

1. **Pamagat:** “Si Dindo Pundido”
2. **May-akda/May-guhit:** Jomike Tejido
3. **Pagpapahalaga** Pagbibigay-galang at pagpapakita ng kabutihan sa iba

III. Pamamaraan

Salita	Pamamaraan	Mga Tanong
pundido	<p>paggamit sa konteksto</p> <p>Pangungusap: Pundido na ang bumbilya, kaya't kailangan na itong palitan ng bago.</p> <p>Kahulugan: pundido – wala nang liwanag, ilaw, o sindi</p>	<p>Bakit kailangan nang palitan ang bumbilya?</p> <p>Gamit ang konteksto, ano ang ibig sabihin ng pundido?</p>
marikit	<p>paggamit sa konteksto</p> <p>Pangungusap: Nagustuhan ni Juana ang marikit na damit na bigay ni nanay para sa kanyang kaarawan.</p> <p>Kahulugan: marikit – maganda</p>	<p>Paano inilarawan ang damit na bigay ni nanay kay Juana?</p> <p>Bakit nagustuhan ni Juana ang damit na bigay ni nanay?</p> <p>Gamit ang konteksto, ano ang ibig sabihin ng marikit?</p>
pinananabikan	<p>paggamit sa konteksto</p> <p>Pangungusap: Pinananabikan ng buong bayan ang susunod na kabanata ng telesyeng “Ang Probinsyano”.</p> <p>Kahulugan: Pinananabikan – inaabangan</p>	<p>Ano ang pinananabikan ng buong bayan?</p> <p>Bakit kaya nila pinananabikan ang telesyeng “Ang Probinsyano”?</p> <p>Tuwing kailan nananabik ang mga tao sa isang bagay?</p> <p>Gamit ang konteksto, ano ang ibig sabihin ng pinananabikan?</p> <p>Ano ang pinananabikan mo sa darating na Pasko?</p>

Buko-tangi	<p>paggamit sa konteksto</p> <p>Pangungusap: Bukod-tangi sa lahat ng damit sa tindahan ang binili niya dahil ito lamang ang kulay- ginto.</p> <p>Kahulugan: Bukod-tangi – kakaiba, nag-iisa</p>	<p>Bakit bukod-tangi ang damit na binili niya?</p> <p>Gamit ang konteksto, ano ang ibig sabihin ng bukod-tangi?</p> <p>Kailan nagiging bukod-tangi ang isang bagay?</p>
------------	---	---

1. Paghahawan ng Balakid

Maaaring hikayatin ang mga mag-aaral na gamitin sa sarili nilang pangungusap ang mga salita sa talasalitaan.

2. Pagganyak

a. Motivation Questions:

1. May kilala ka bang taong may bukod-tanging kaanyuan o katangian?
2. Bakit mo nasabi na siya ay bukod-tangi?

b. Motive Question

1. Ano ang bukod-tanging katangian ng tauhan sa kuwento?

3. Pagbasa ng kuwento

Interactive read aloud ang pamamaraan na gagamitin sa pagbasa ng kuwento. Maaring umupo sa *thinking space* ang mga bata habang binabasa ng guro ang kuwento. Maaring tumigil at magtanong ang guro upang i-assess kung naiintindihan ng mga bata ang pangyayari sa kuwento.

4. Pagkatapos Bumasa

A. Discussion Guide

- Pagharapin ang magkapareha at hayaan silang gumawa ng 2–3 tanong tungkol sa kuwentong binasa.
- Ang mga tanong na binuo ng bawat pares ay ibabahagi sa buong klase.
- Tutukuyin ng klase kung aling mga tanong ang maaaring masagot mula sa tekstong binasa. Halimbawa ng mga ito ay:
 - a. Sino ang tauhan sa kuwento?
 - b. Ano ang bukod-tanging katangian ng tauhan sa kuwento?
 - c. Ano ang naging problema sa kuwentong binasa?
- Tutukuyin din ng klase ang mga tanong na nais nilang isama sa diskurso.

Mga posibleng tanong:

 1. Sa iyong palagay, maaari bang sabihin na si Dindo ay bukod-tangi?
 2. Kung ikaw si Dindo, ano ang mararamdaman mo sa ganitong pagtrato dahil lamang kakaiba ka?
 3. Anu-ano ang mga ginawa ni Dindo upang makuha ang paggalang ng kanyang mga kapatid?
 4. Kailangan bang may gawing mabuti upang makuha ang paggalang ng iba?
 5. Paano nakatulong ang pagiging pundido ni Dindo sa pagligtas niya sa kanyang mga kapatid?
 6. Naniniwala ka bang may maibabahagi din ang mga tulad ni Dindo sa isang komunidad?

B. Pangkatang Gawain

Pangkat 1 (Art Center) – Iguhit ang pamilya ni Dindo Pundido

Pangkat 2 (Play Center) – Isadula ang pagliligtas ni Dindo sa kanyang mga kapatid

Pangkat 3 (Araling Panlipunan Center) - Ipakilala ang bawat kasapi ng inyong pamilya at magbanggit ng isang namumukod tanging katangian ng bawat isa

Pangkat 4 (Edukasyon sa Pagpapakatao Center) – Sa pamamagitan ng pag

pantomime, paano mo maipakikita ang paggalang at kabutihan sa sitwasyong ito? May nakasalubong kang isang batang pilay at may saklay na gustong tumawid sa kabilang daan, ano ang gagawin mo?

- Ibabahagi ng bawat grupo ang kanilang nagawa.
- Hikayatin ang mga batang magtanong, magbahagi ng kanilang opinyon, o magbigay ng karagdagang impormasyon.

IV. Paglalapat at Pagpapahalaga

Sa kanilang reading corner, maaaring maglagay ng mga poster ang guro. Ito ang bahagi ng klasrum kung saan maaaring makita ang mga nabasang kuwento ng mga bata. Ito rin ang bahagi kung saan makikita ang iba't ibang reaksyon ng mga bata tungkol sa kuwentong nabasa. Isusulat ng mga bata ang kanilang sagot sa tanong sa isang pirasong papel.


Nabasa namin ang

Pamagat: _____
Isinulat ni: _____
Iginuhit ni: _____

Kumpletuhin ang Pangungusap

Ang aral na aking napulot sa kuwento ay _____.

Magagawa kong maging mala-Dindo kapag _____.



V. Takdang-aralin

Ikuwento sa isang kapamilya ang kuwento ni Dindo Pundido. Pag-usapan kung anong ideya mula sa kuwento ang pinakamahalagang tandaan at gawin sa inyong sariling buhay. Maghandang magbahagi tungkol dito sa susunod na araw.

Ang pagbabahagi ng takdang-aralin ay maaaring gawin sa Morning Circle o sa umpisa ng klase para sa kanilang oral language activity. Ito ay isang paraan upang mahikayat ang mga kapamilya na maging bahagi ng pag-aaral ng mga bata.